



TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN

KAUTUSANG PANG-EHEKUTIBO BLG. 2021 - 028
Serye 2021

**KAUTUSANG NAGPAPATUPAD SA "MODIFIED ENHANCED
COMMUNITY QUARANTINE (MECQ)" SA BAYAN NG BULAKAN
MULA IKA-16 HANGGANG IKA-31 NG AGOSTO, 2021.**

SAPAGKAT, sa bisa ng Proclamation No. 929 ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte, ang bansang Pilipinas ay sumailalim sa "State of Calamity" at ang Presidential Proclamation No. 1021 na nagpapanatili ng Kautusang ito hanggang Setyembre 21, 2021 dahil sa banta ng 2019 Novel Coronavirus;

SAPAGKAT, sa inilabas na Kautusan ng Inter-Agency Task Force for the Management of Emerging Infectious Diseases (IATF) Blg. 133-A may petsang Agosto 12, 2021, kabilang ang Bayan ng Bulakan sa Lalawigan ng Bulacan na isinailalim sa klasipikasyong Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) mula ika-16 hanggang ika-31 ng Agosto, 2021;

SAPAGKAT, bilang pro-active measures, kinakailangang maibaba ang bilang ng nagkakasakit ng COVID-19 at mapigilan ang pagpasok sa Bayan ng Bulakan ng B.1.617 (Delta) ang bagong variant ng COVID-19 na unang natuklasan sa India;

SAPAGKAT, alinsunod pa rin sa Seksyon 444, (2), (iii) ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991 ang Punong Ehekutibo ay may kapangyarihang mag-akda ng mga atas tagapagpaganap para sa taimtim na pagsasagawa ng mga batas at ordinansa;

SA MAKATUWID, AKO, SI VERGEL C. MENESES, Punong Bayan ng Bayan ng Bulakan, sa bisa ng kapangyarihang kaloob ng mga umiiral na Batas, ay ipinag-uutos ang mga sumusunod na panuntunan:

TUNTUNIN 1. PAGPAPATUPAD NG MODIFIED ENHANCED COMMUNITY QUARANTINE SA BAYAN NG BULAKAN. I-adopt ang mga nauukol na bahagi ng IATF Resolution No. 133-A at pagtibayin ang pagpapatupad ng mga alituntuning ito para sa pagsasailalim sa Modified Enhanced Community Quarantine (MECQ) sa bayan ng Bulakan mula ika-16 hanggang ika-31 ng Agosto, 2021:

- 1. Mahigpit na Pagsunod sa "Mandatory Minimum Public Health Standards"**, pagpapanatili ng physical distancing, mga pamantayan para sa kaligtasan at kalusugan paggamit ng thermal scanner, face mask, face shield, alcohol, paghuhugas ng kamay, etiketa sa pag-ubo, at iba pang pag-iingat na dapat gawin sa loob ng establisyimento o kung nasa labas. (*Provincial Ordinance No. 84-S2020*).

2. **Hindi Pinapayagan Ang Non-Essential Travels** maliban kung nabibilang sa Authorized Persons Outside their Residences (APOR) tulad ng mga sumusunod:

- a. Nangangailangan ng atensyong Medikal;
- b. Kailangang bumili ng pangunahing pangangailangan;
- c. Kinakailangang magtungo sa paliparan upang mangibang-bansa at mga pauwing OFW;
- d. Essential Workers/Health and Emergency Frontline Services Personnel;
- e. Duly-authorized humanitarian assistance actors;
- f. Opisyal ng pamahalaan at mga nagtatrabaho bilang frontline personnel;
- g. Nagtatrabaho sa mga pangunahing industriya na pinapayagang magbukas;
- h. Mga may pangangailangan sa trabaho at pagnenegosyo; at
- i. Pari, Pastor, Rabbis, Imams at iba pang categoryang pangrelihiyon.

Kinakailangang iprisinta ang pagkakakilanlan (ID) at liham na nagpapatunay ng gagawin sa pupuntahan.

3. **Pagbabawal ng Paglabas ng Tahanan.** Hindi pinapayagan ang paglabas sa tahanan ng 18 taon pababa at 65 taon pataas, mga maykapansanan at ang mga buntis, kundi may dagliang pangangailangan (emergency cases) sa labas ng tahanan.

4. Ang mga **establisyimento, tao, o gawain na hindi pinapayagang mag-operate, magtrabaho** at/o magpatuloy noong panahon ng Enhanced Community Quarantine (ECQ) na nakasaad sa inilabas na Kautusan ng IATF ay **magpapatuloy sa iba't ibang work arrangements** tulad ng work-from-home at iba pang work arrangements.

- 4.1. **Pamilihang Bayan at Market Day.** Bukas ang Pamilihang Bayan at mga talipapa mula ika-5:00 ng umaga hanggang ika-6:00 ng hapon, Lunes hanggang Sabado. At ika-5:00 ng umaga hanggang ika-12:00 ng tanghali kung araw ng Linggo para sa Disinfection Day.

- 1.a. Mahigpit na tinatagubilin ang pagsunod sa health protocols, pagsusuot ng face mask at face shield, pagkuha ng temperature, pag-alcohol at iba pang gawain para maiwasan ang pagkakaroon ng Covid-19

- 1.b. Pansamantalang sinususpindi ang pagpapatupad ng Road Clearing Operations sa lugar ng talipapa mula sa oras na itinakdang bukas at/o operational ito kung nasusunod ang itinakda ng DILG Memorandum Circular No. 152.

- 4.2. **Fully Operational ang Pamahalaang Bayan,** maaring mag-**skeleton workforce** at iba pang **work-arrangements** kung kinakailangan. Patuloy ang sumusunod na programa't gawain:

- 2.a. Bukas 24/7 ang Tanggapan ng Municipal Disaster Risk Reduction Management Office at nakahanda kung mayroong dagliang pangangailangan;

- 2.b. Patuloy ang testing, contact tracing, pangangalaga sa mga nagkakasakit ng COVID-19 sa Municipal COVID-19 Facility na pinamamahalaan ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan;
- 2.c. Mass Vaccination on Covid-19 na prayoridad ng Pamahalaang Bayan sa pamamagitan ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan;
- 2.d. Registration of Philippine Identification System (PhilSys) ng Philippine Statistics Office (PSA);
- 2.e. Programa at proyektong para sa social services ng pamahalaang bayan at nasyunal ay pinapayagan;
- 4.3. **No face-to-face classes** pa rin ang ipatutupad sa Kagawaran ng Edukasyon at TESDA ang kanilang **workforce** ay susunod sa atas na manggagaling sa kanilang kagawaran.
5. Ang mga sumusunod na establisyimento at o gawain na nasa talaan ng **Department of Trade and Industry** na **hindi pinapayagang magbukas** ngayong MECQ:
 1. Entertainment venues with live performers (Karaoke bars and the like, theaters, and cinemas);
 2. Recreational venues (internet cafes, billiard halls, amusement arcades, bowling alleys, and similar venues);
 3. Amusement parks or theme parks, fairs/peryas, kid amusement industries such as playgrounds, playrooms, and kiddie rides;
 4. Outdoor sports courts or venues for contact sports, scrimmages, games, or activities;
 5. Indoor sports courts or venues, fitness studios, gyms, spas or other indoor leisure centers or facilities, and swimming pools;
 6. Casinos, horse racing, cockfighting and operation of cockpits, lottery and betting shops, and other gaming establishments except for the draws conducted by PCSO;
 7. Indoor visitor or tourist attractions, libraries, archives, museum, galleries, and cultural shows and exhibits;
 8. Outdoor tourist attractions;
 9. Venues for meetings, incentives, conferences, and exhibitions;
 10. Personal care services which include medical aesthetic clinics, cosmetic or derma clinics, make-up salons, reflexology, aesthetics, wellness and holistic centers, massage therapy including sports therapy and other similar establishment and services. It also includes tanning services, body piercing, tattooing. Home service for these activities is likewise not permitted.
6. Ang mga restaurant, karinderya at iba pang kauri nito ay maaaring tumanggap ng hanggang **ten percent (10%) venue capacity**.
7. Ang mga beauty salons, beauty parlors, nail spas, barber shops ay maaaring tumanggap ng hanggang **thirty percent (30%) venue capacity**.
8. Ang mga **hotel, Inn, resorts at iba pang establisyimento na tumatanggap ng akomodasyon** ay maaaring lamang magpatuloy sa

10% capacity kung makakakuha ng **sertipikasyon o akreditasyon sa Kagawaran ng Turismo at IATF.**

9. Ang mga **negosyo** ay **pinapayagang mag-operate** ng mula ika-5:00 ng umaga hanggang ika-7:00 ng gabi.
10. **Mass Gatherings.** Ang tinatawag na **MICE events** o ang **meetings, incentives, conventions, and exhibitions** kabilang ang iba't ibang **social events** sa mga **events place** at **mga tahanan** na kinakailangan ang pagdalo ng mga hindi kabilang sa tahanan ay **hindi pinapayagan at pinapayuhang ipagpaliban.**

Religious Gatherings. Sa mga bahay Sambahan, Dalanginan at iba pang kauri nito, kabilang ang luksang parangal, burol, libing at iba pang kahalintulad nito ay pinapayagan ng hanggang **ten percent (10%) venue/seating capacity** lamang at nasusunod ang mga panuntunang pangkalusugan.

Ipinagpapatuloy ang pagdaraos ng mga regular na gawain sa pamamagitan ng virtual o online streaming.

Maaaring magkaroon ng burol ang namayapa dahil sa COVID-19 kung ang dadalo ay immediate family lamang at nasunod ang minimum health protocols bago iburol, sa panahon ng burol at paglilibing.”

11. **Pampublikong Sasakyan.** Ang ipinagpapatuloy ang pagpapatupad ng health protocols sa mga jeep at bus na hinihingi ng DOTr. Pinapayagan ang paggamit ng bisikleta at iba pang kauri nito. At para sa mga traysikel:
 - 10.a. Patuloy ang paggamit ng Red and White Sticker mula Lunes hanggang Linggo base sa napagkasunduan ng Pamunuan ng TODA.
 - 10.b. Isang (1) pasahero lamang ang sakay, bawal ang backride kung ang sakay ay hindi kasama sa bahay.
12. Pinapayagan ang **construction projects** ng **nasyunal at lokal**, at para sa mga pribadong proyekto ay kinakailangang kumuha ng permiso sa Tanggapan ng Pambayang Inhinyero para sa inspeksyon at health protocols para sa lugar ng trabaho.
13. Ang **individual outdoor exercise** tulad ng pagbibisikleta, pagtakbo, lakad ay pinapayagan hanggang sa loob lamang ng nasasakupan ng barangay at nasusunod ang health protocols.
14. **Municipal Entry Points/Border Control Points.** Pangungunahan ng Himpilan ng Pulisya katuwang ang mga Opisyal ng Barangay sa pagbabantay sa mga **border control points** ng Bayan ng Bulakan na nasa Barangay Taliptip, Matungao, San Francisco at Pitpitan.

Ang mga pagkakakilanlan ay ipapakita, ang mga sakay ng sasakyan ay mayroong social distancing, ang mga cargo/delivery vehicle ay hanggang lima (5) lamang ang sakay.

TUNTUNIN 2. LIQUOR BAN. Ang pagbebenta, pagbili, pagdadala at pag-inom ng nakalalasing na inumin ay mahigpit na ipinagbabawal sa pampubliko at

pampribadong lugar hanggang Agosto 31, 2021. (*Executive Order No. 30 of Gov. Fernando*)

TUNTUNIN 3. CURFEW. Ang "curfew hours" ay magsisimula ng ika-8:00 ng gabi hanggang ika-5:00 ng umaga ng susunod na araw, na kung saan ipinagbabawal ang paglabas ng mga mamamayan, maliban kung emergency cases, mga kabilang sa Authorized Persons Outside of Residence (APOR) at mga nagtatrabaho sa mga pinapayagang bukas na industriya; na kung saan maipapakita ang pagkakakilanlan at iskedyul sa trabaho. (*Executive Order No. 11 of Gov. Fernando*)

TUNTUNIN 4. LOCAL ZONING CONTAINMENT. Ang mga Punong Barangay ay binibigyan ng kaukulang atas na tungkulin na magbigay ng rekomendasyon at/o maglagay ng granular lockdowns sa kanilang lugar upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 matapos na ito ay madetermina ng Pambayang Tanggapan ng Kalusugan, at payagan ng Pamahalaang Bayan matapos na ito ay mai-aplay sa IATF.

TUNTUNIN 5. PAGPAPATUPAD NG "COVID-19 ORDINANCE OF 2020". Ini-adopt ng Kautusang ito ang Municipal Ordinance No. 2020-265 na pinagtibay noong Marso 19, 2020 ng Sangguniang Bayan ng Bulakan, may titulong "*An Ordinance Providing for the Quarantine of Persons Confirmed or Suspected with Covid-19, Adoption of Preventive Measures, Intensify Surveillance for Persons with Respiratory Symptoms and Increase Local Response for Possible Community Transmission*", na iiral habang nasa panahon ng pandemya kabilang ang takdang kaparusahan sa mga mahuhuling lalabag para sa mga sumusunod na probisyon nito. (*Lakip bilang Annex "A"*)

TUNTUNIN 6. PAGPAPATUPAD NG "THE VIDEOKE AND OTHER SIMILAR DEVICES OF SIMILAR NATURE REGULATORY ORDINANCE". Ini-adopt ng Kautusang ito ang Municipal Ordinance No. 2020-282 na pinagtibay noong Disyembre 9, 2020 ng Sangguniang Bayan ng Bulakan, na iiral habang nasa panahon ng pandemya kabilang ang takdang kaparusahan sa mga mahuhuling lalabag para sa mga sumusunod na probisyon nito:

1. Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng karaokes, videokes at iba pang kahalintulad na mekanismo o aparato na lumilikha ng ingay na nakakagambala sa katahimikan ng komunidad mula araw ng Lunes hanggang Biyernes.
2. Pinapayagan naman ang paggamit nito tuwing Sabado at Linggo mula ika-12:00 ng tanghali hanggang ika-8:00 ng gabi.
3. Inaatasan ang mga may negosyo ng videoke at iba pang katulad nito na lagyan/idikit ang "paalala" sa paggamit ng regulasyon ng nabanggit na videoke machine.
4. Kabilang sa mga pinapayagang gamitin na nakapaloob sa Kautusan:
 - a. Gamit sa online o e-learning ng mga mag-aaral at guro;
 - b. Kagamitan sa misa, novena at iba pang kahalintulad na gawain na may kaugnayan sa relihiyon; at
 - c. Gamit sa mga espesyal at regular na pagdiriwang.

TUNTUNIN 7. PAGPAPATUPAD. Ang Himpilan ng Pulisya (PNP Bulakan), mga Punong Barangays, ang Pambayang Tanggapan ng Kalusugan (RHU) kasama

ang Municipal Inter-Agency Task Force COVID-19 at Barangay Health Emergency Response Team (BHERT) ay inaatasang ipatupad ang nilalaman ng Kautusang ito.

TUNTUNIN 8. PAGLABAG AT KAPARUSAHAN O PENA. Ang sinumang tao o mga may-ari ng establisyimiento na napatunayang lumalabag sa probisyon ng kautusang ito ay may kaparusahang tulad sa mga itinakda na nakapaloob na Ordinansang Pambayan, o di kaya ay iendorso sa lokal na kapulisan dahil sa paglabag sa mga pambansang batas o kautusan sa panahon ng pandemya (*Non cooperation - Section 9 par. (d) or (e), as the case may be, of Republic Act No. 11332 otherwise known as the Mandatory Reporting of Notifiable Diseases and Health Events of Public Health Concern Act, and Its Implementing Rules and Regulations*).

TUNTUNIN 9. SUGNAY NA NAGBUBUKLOD. Ang anumang kautusan o polisiya ang ilathala ng Pamahalaang Panlalawigan, Pamahalaang Nasyunal ay ginagawang bahagi ng atas na ito. Gayundin, ang mga pinagtibay na Pambayang Kautusan ng Sangguniang Bayan ng Bulakan patungkol sa COVID-19 pandemic.

TUNTUNIN 10. PAGKAKABISA. Ang Kautusang ito ay ipatutupad para sa pangangalaga ng mamamayan habang nasa estado ng COVID-19. At magkakabisa matapos malagdaan ng Punong Bayan.

Nilagdaan ngayong ika-14 ng Agosto, 2021 sa Bayan ng Bulakan.


VERGEL C. MENESES
Punong Bayan